Pambungad na Bati

Ni Tsanselor Fidel R. Nemenzo

Ika-111 Pangkalahatang Pagtatapos ng UP Diliman

Hulyo 31, 2022, Linggo, 7 n.u.

Dr. Caroline Hau, ang ating panauhing pandangal, mga miyembro ng Lupon ng mga Rehente, Pangulo Danilo L. Concepcion, mga pangalawang pangulo at opisyal ng UP System, mga kapuwa tsanselor, mga bise tsanselor at opisyal ng UP Diliman, kasama ang mga kapuwa guro, REPS, at kawani, at sa mga magsisipagtapos—Class of 2022—at inyong mga mahal sa buhay, magandang umaga sa inyong lahat.

Para sa marami sa atin, ang araw na ito ay tila ba isang pagbabalik-tahanan o homecoming matapos ang dalawang taong hindi tayo pisikal na nagkita dulot ng remote learning. Tulad ninyo, marami rin kaming ginawa sa administrasyon para makasabay sa mga pagbabagong dulot ng pandemya. Kaya naman ang muli nating pagbabalik sa UP Diliman ay pagbabalik-tanaw rin sa mga bagong kaalaman at mga natutunan natin nitong mga nakaraang taon. Sa isang banda, pagbabalik-tanaw rin ito sa mga bagay na handa na tayong iwan.

Madalas sabihing ang edukasyon ay hindi lang nagaganap sa loob ng apat na sulok ng silid-aralan. Bago nangyari ang pandemya, ang buong kampus, ang mga lansangan, at ang mas malawak na lipunan ay nagsilbing classroom din. Sa mga lugar na ito lalong lumawak ang inyong kaisipan, lumalim ang inyong pang-unawa sa bayan, at lumawig pa ang mga bagong ideya na babaunin ninyo sa hinaharap.

Pero nagbago ang lahat nang mangyari ang pandemya. Sa ilalim ng remote learning, limitado ang ating galaw. Ang dating pamilyar na mundo ay napuno ng agam-agam at peligro. Hindi naging madali kaya kailangan naming patuloy na makinig sa inyong mga hinaing bago gumawa ng mga kritikal na desisyon. At

kailangan naming patuloy na makipag-ugnayan ngayong papasok na tayo sa blended learning sa mga susunod na semestre.

Ang inyong karanasan sa harapan ng computer screen ay maaaring maihalintulad sa malayong lupain ng *UP Naming Mahal*. Isang paglalakbay na maraming panahon ng alinlangan at pag-iisa. Hindi maikakaila na lahat tayo ay binago ng pandemyang ito.

Pero kung maaalala natin ang mga linya ng *UP Naming Mahal*—di rin magbabago ang damdamin. Magbago man ang panahon at pagsubok, hindi magbabago ang tibay at tatag ng ating loob—tatag ng loob na humanap ng mga bagong paraan para makipag-ugnayan, malagpasan ang pandemya, at harapin ang mga hamon ng ating panahon.

Kaya naman ang tema ng pagtatapos ngayong taon ay "Dasig." Isang salitang Cebuano na ang ibig sabihin ay ligaya at sigla sa kabila ng problema; determinasyon at tibay ng kalooban sa harap ng mga pagsubok. Ito ang mga bagay na nagdala sa inyo sa huling yugto ng inyong paglalakbay sa UP. Sa panahon ng alinlangan at walang kasiguraduhan, patuloy kayong nagsikap at nanindigan. Maraming sakit at pasakit na dala ang pandemyang ito. Gamitin ninyo ang mga leksyong inyong natutunan dito sa UP sa pagtahak ninyo sa susunod na yugto ng inyong buhay.

Kasabay ng pagpupugay sa inyong mga tagumpay, huwag sana ninyong makalimutan ang mahahalagang itinuro sa inyong GE o General Education courses. Sana kahit papaano, nabigyan kayo nito ng sapat na pundasyon para sa mas matalas na pagsusuri, mas malalim na pang-unawa sa ating kultura't pinagmulan, at mas matibay na perspektibo tungkol sa inyong sarili, sa lipunan, at sa mundong ginagalawan.

Higit sa lahat, saksi kayo sa kahalagahan ng academic freedom. Isa itong kalayaan na lubos na pinahahalagahan ng UP. Umaasa ako na sana ay patuloy ninyo itong itataguyod sa mga larangang inyong papasukin. Bahagi ng inyong responsibilidad bilang graduate ng UP ang ipaglaban at isabuhay ang mga prinsipyo at paniniwala ng ating Unibersidad.

Tumindig para sa UP. Tumindig sa katotohanan. At tumindig para sa taumbayan.

Sa okasyon ng inyong pagtatapos at ating pagbabalik-tahanan sa UP Diliman, alalahanin natin ang biyaya ng edukasyon at kung para kanino natin ito iniaalay. Huwag kalimutan ang mga salitang giting at tapang. Huwag bumitiw sa panata ng husay at dangal. At laging tandaan, iskolar ng bayan, paglingkuran ang sambayanan.

Congratulations, Class of 2022! Mabuhay kayo!